# Mga Requirements para sa aplikasyon ng "Business Manager" na Residence Status o visa na binago noong Okt. 16, 2025 !



Mula sa HP ng Immigration Serrvice Agency

## Pagbabago sa mga kinakailangan ng "Business Manager" na residence status (Outline ng Pagbabago)

| | Pangunahing Pamantayan | Kasalukuyang Requirements | Requirements matapos mabago |
|---|---|---|---|
| 1 | **Kapital・Buong Halaga ng Pundar** | 5 milyon yen | 30 milyon yen |
| 2 | **Karanasan・Pinag aralan（Tagapamahala)** | Wala | May higit sa 3 taong karanasan sa pamamahala *1<br>o kaya ay<br>Mataas ang natapos na pinag-aralan at nakapag master ng Business Administration. |
| 3 | **Obligasyon sa Pagtatrabaho** | Wala<br>Kailangang mag-empleyo ng dalawa o higit pa bilang alternatiba sa Kapital | Sapilitang pag-empleyo ng isa o higit pa na full-time na manggagawa *2 |
| 4 | **Kaalaman Ng Nihongo** | Wala | Alinman sa aplikante o full-time na empleyado ay dapat may makatwirang kaalaman sa Nihongo. *3 |
| 5 | **Dalubhasang Pagpatunay sa pagpasya ng residence status** | Wala | Ang pagsuri sa mga bagong plano ng negosyo ay dapat mula sa espesyalistang may kaalaman tungkol sa pamamahala<br>Pagliban sa mga kaso kung saan ang sukatan ng negosyo ay katumbas sa kumpanya na nakalista. |

*1 Pamamahala O karanasang pamamahala ay kasama ang pansimula na gawain para sa pag-umpisa ng negosyo na may "Designated Activities" residence status.

*2 Ang katagang "full-time employees" ay para sa mga Hapones lamang, Special permanent residents, at mga naninirahan sa Japan na may isa sa mga sumusunod na residence statuses: "Permanent residence," "Asawa O anak ng isang Hapones," "Asawa O anak ng isang permanent resident," O "Long-term resident."

*3 Makatwirang kaalaman ng Nihongo ay itinuturing na katumbas sa CEFR B2 o mas mataas (halimbawa., JLPT N2 o mas mataas, BJT 400 o mas mataas). Tandaan na ang katagang "full-time employee" dito ay kasama rin ang mga Banyaga na naninirahan sa Japan na may resident status na nakalista sa Apendiks 1 nang Act (halimbawa, "Inhinyero(Engineer) /Espesyalista sa Makataong Sining ( Specialist in Humanities) /Pang-daigdigan Serbisyo/(International Services)," "Dalubhasang Manggagawa(Skilled Worker)," atbp.).

Sa mga naninirahan na dito sa Japan na may "Business Manager" residence status ay may tatlong-taon na palugit matapos mailapat ang batas; subalit, kinakailangan nilang matugunan ang lahat na mga winastong pangangailangan sa landing permission, atbp., sa oras ng kanilang unang pag-renew ng aplikasyon matapos ang palugit na taon.